IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# ISANG KRITIKAL NA PAGSUSURI SA MGA PALITANG-KURO NG MGA PANGUNAHING TAUHAN SA MGA PILING PELIKULANG PILIPINO

Cherry Fe B. Oñez, Fe N. Conui

*College of Education, Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol, Philippines*

https://doi.org/10.5281/zenodo.19506039

## ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito na pinamagatang "Isang Kritikal na Pagsusuri sa mga Palitang-Kuro ng mga Pangunahing Tauhan sa mga Piling Pelikulang Pilipino" ay naglalayong suriin ang mga pahayag ng mga pangunahing tauhan sa Hello, Love, Goodbye (2019) at Hello, Love, Again (2024). Tinutukoy nito kung paano naipapahayag sa pamamagitan ng dayalogo ang tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay ng mga tauhan, gayundin ang mga aspetong nagpapakita ng kultural na pagpapahalaga, kritikal na pag-iisip, at mga isyung panlipunan. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong disenyo na may kwalitatibong pamamaraan. Sinuri ang mga piling eksena at dayalogo gamit ang thematic analysis. Nakaangkla ang pagsusuri sa Cognitive Theory of Multimedia, Critical Discourse Analysis, at Formalismo o New Criticism upang higit na maunawaan ang kahulugan at konteksto ng mga pahayag. Natuklasan na ang mga palitang- kuro ay nagsisilbing mahalagang daluyan ng pagpapahayag ng damdamin, mithiin, at karanasang panlipunan ng mga tauhan. Lumitaw din na ang mga dayalogo ay naglalaman ng mga pagpapahalagang kultural tulad ng sakripisyo, pagmamahal sa pamilya, at pagpapahalaga sa sarili, gayundin ng mga isyung panlipunan gaya ng migrasyon at paghahanap ng identidad.

**Keywords:** *dayalogo, pelikulang Pilipino, diskurso, kultura, isyung panlipunan*

## INTRODUKSYON

Ang wika ay isang mahalagang instrumento ng komunikasyon at panitikan na nagsisilbing pangunahing daluyan ng pagpapahayag ng ideya, damdamin, at karanasan ng tao. Isa sa mga anyo ng panitikan na malawakang gumagamit ng wika bilang kasangkapan sa pagpapahayag ay ang pelikula. Sa kasaysayan ng industriya ng pelikula sa Pilipinas, malinaw na naging mahalagang bahagi ito ng kulturang popular at kamalayang panlipunan ng mga Pilipino. Ayon kina Apriyani at Wiraharja (2023), ang pelikula ay isang anyo ng biswal na komunikasyon na gumagamit ng gumagalaw na imahe at tunog upang maglahad ng kuwento at magbigay ng makabuluhang aral. Higit pa sa pagiging libangan, ang pelikula ay isang makapangyarihang midyum na may kakayahang humubog ng pananaw at kamalayan ng mga manonood.

Ang pelikula ay nagsisilbing salamin ng tunay na kalagayan ng lipunan. Sa pamamagitan ng mga dayalogo at interaksiyon ng mga tauhan, naipapahayag ang iba't ibang damdamin, paniniwala, mithiin, at karanasan ng tao sa iba't ibang aspeto ng buhay. Sa konteksto ng Pilipinas, ang pelikula ay hindi lamang aliwan kundi isang mahalagang daluyan ng pagpapahalagang kultural, ideolohiyang panlipunan,at diskursong tumatalakay sa mga kontemporaryong isyu. Dahil dito, nagiging makabuluhang larangan ng pag-aaral ang pagsusuri sa mga pahayag at palitang-kuro ng mga tauhan sa pelikula, sapagkat dito malinaw na nahuhubog at naipapahayag ang kahulugan, pananaw, at ugnayang panlipunan.

Ipinapakita sa mga pag-aaral hinggil sa pagsusuri ng dayalogo sa pelikula na ang mga pahayag ng mga tauhan ay mahalagang susi sa pag-unawa sa kanilang damdamin, layunin, at ugnayang panlipunan. Sa kabila nito, nananatiling limitado ang mga akademikong pag-aaral na nakatuon sa kritikal na pagsusuri ng mga palitang-kuro ng mga pangunahing tauhan sa pelikulang Pilipino. Kadalasan, ang mga pagsusuri sa pelikula ay nakasentro lamang sa tema, banghay, o teknikal na aspekto tulad ng sinematograpiya at pagganap ng mga artista. Dahil dito, hindi lubos na nabibigyang-pansin ang lalim at kabuluhan ng mga dayalogo bilang daluyan ng kahulugan sa damdamin, layunin at karanasang panlipunan. Ang kakulangang ito ang nagtutulak sa pangangailangan ng isang pag-aaral na magbibigay-diin sa pagsusuri ng palitang-kuro bilang mahalagang anyo ng diskurso sa pelikula.

Mahalaga ang pananaliksik na ito sapagkat layunin nitong tukuyin at suriin ang mga pahayag ng mga pangunahing tauhan na nagpapakita ng kanilang tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa piling eksena at dayalogo, inaasahang mabibigyang-linaw kung paano naipapahayag ng mga tauhan ang kanilang paninindigan, pagpapahalaga, at pananaw sa harap ng mga hamon ng buhay. Ang ganitong pagsusuri ay makatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng wika, damdamin, at karanasan ng tao sa loob ng naratibong pelikula.

Higit pa rito, tinutugunan din ng pag-aaral na ito ang mga aspetong hangarin sa pelikula na nagbibigay-diin sa kultural na pagpapahalaga, kritikal na pag-iisip, at pagtalakay sa mga isyung panlipunan.

Dahil dito, pinili ng mananaliksik ang mga pelikulang Hello, Love, Goodbye at Hello, Love, Again na idinirehe ni Cathy Garcia-Molina bilang pangunahing batayan ng pagsusuri. Ang *Hello, Love, Goodbye* (2019) ay tumatalakay sa buhay ni Joy, isang manggagawang Pilipino sa bansa ng Hong kong na nagsusumikap para sa kinabukasan ng kanyang pamilya, at ni Ethan, isang bartender na may sariling personal na pinagdaraanan. Samantala, ang *Hello, Love, Again* (2024) ay nagsisilbing pagpapatuloy ng kanilang kuwento, na nagpapakita ng mga pagbabago sa kanilang buhay, relasyon, at mga pagpapasya matapos ang kanilang paghihiwalay. Ang dalawang pelikula ay kapwa nakasentro sa temang pag-ibig, sakripisyo, at migrasyon, na sumasalamin sa karanasan ng maraming Pilipino, lalo na ang mga nangingibang bansa.

Ang mga pelikulang ito ay hindi lamang matagumpay sa takilya kundi itinuturing ding salamin ng kontemporaryong karanasan at kulturang Pilipino. Ang mga pangunahing tauhan sa mga pelikulang ito ay kumakatawan sa karaniwang Pilipino na humaharap sa mahihirap na desisyon sa pagitan ng personal na kaligayahan at pananagutang panlipunan. Sa kanilang mga dayalogo, malinaw na naipapahayag ang tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay na mahalagang suriin sa konteksto ng komunikasyon at ugnayang panlipunan.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makapag-ambag sa larangan ng wika, panitikan, at pelikula sa pamamagitan ng isang kritikal na pagsusuri sa mga palitang-kuro ng mga pangunahing tauhan sa mga piling pelikulang Pilipino. Magsisilbi itong mahalagang sanggunian para sa mga guro, mag-aaral, at mananaliksik sa pagpapalalim ng pag-unawa sa wika bilang daluyan ng kultural at panlipunang diskurso sa pelikulang Pilipino.

Ayon sa pag-aaral nina Gaihe et al. (2025), ang pelikula ay isang makapangyarihang anyo ng sining na hindi lamang nagbibigay-aliw kundi nagsisilbi ring midyum upang ipahayag ang kultura, kasaysayan, at panlipunang realidad ng isang bansa. Binibigyang-diin ng kanilang pananaliksik na ang mga piling pelikulang Pilipino ay may kakayahang magpataas ng kamalayan sa mental na kalusugan, damdamin, at bisang pangkaisipan ng manonood. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri gamit ang content analysis, natukoy na ang mga pelikulang ito ay hindi lamang naglalahad ng kwento kundi nag-uudyok rin ng mas malalim na pag-unawa at pagkilos tungo sa ikabubuti ng lipunan. Ayon sa kanila, ang pelikula ay nagsisilbing tulay upang maipakita ang mahahalagang pangyayari sa lipunan at magsilbing gabay at repleksyon sa kasalukuyang panahon.

Dagdag pa ni Asri (2020), Ang pelikula ay maaaring bigyang-kahulugan bilang isang uri ng audiovisual na komunikasyong pangmasmidya na naglalayong maghatid ng mga mensaheng panlipunan o moral sa mga manonood. Dahil sa patuloy na pag-unlad at pagbabago ng realidad ng lipunan, nagagawa ang mga pelikulang halos tumutugma

sa nararamdaman ng mga manonood. Sa gayon, habang pinapanood at maging pagkatapos nito, nagkakaroon ang mga manonood ng pakiramdam ng pag-uugnay o pagiging malapit sa mga eksena ng pelikula hindi lamang sa mga partikular na tagpo kundi pati na rin sa layunin, adhikain, at mensaheng nais iparating nito. Ipinapakita ng mga naunang pag-aaral na ang pelikula ay hindi lamang anyo ng libangan kundi isang makapangyarihang midyum sa pagpapahayag ng kultura, identidad, at panlipunang realidad.

Sa larangan ng edukasyon, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pelikula ay isang epektibong kasangkapan sa pagtuturo. Ayon kay Rajpopat (2023), ang paggamit ng pelikula sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapalawak ng pag-unawa at pagpapaigting ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ni Imel (2000) sa konsepto ng Kontekstuwalisadong Pagkatuto, kung saan ang personal na karanasan ng mag-aaral ay nagiging batayan sa pagbibigay-kahulugan sa mensahe ng isang pelikula.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Vanessa at Arie (2019) na ang maiikling pelikula ay epektibong kasangkapan sa pagtuturo ng wika at paghubog ng karakter, na nagpapalakas sa moral at panlipunang pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral nina Pavithra at Gandhimathi (2024) na ang paggamit ng pelikula bilang audio-visual na pantulong sa pagtuturo ay nakapagtataas ng kakayahan sa komunikasyon sa Ingles. Ang sistematikong pagsusuri mula 2000 hanggang 2023 ay nagpatunay na ang pelikula ay epektibong pedagogical tool na nakapagpapabuti ng kasanayan sa Ingles at nagbibigay ng positibong karanasan sa mag-aaral.

Ayon sa pananaliksik na isinasagawa nina Hamad, et al (2015), napag-alaman na talagang nakakatulong ang biswal na larawan bilang parte ng pamamaraan nang pagtuturo upang hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip at maging aktibo sa isang klase. Nakita rin sa kanilang pag-aaral na 70% na mga estudyante at guro ay inaamin na nakakatulong ang biswal na larawan upang mabigyang linaw ang isang paksang aralin. Maaring gamiting estratehiya ng guro ang mga nabanggit na paraan upang mas matandaan ng mga mag-aaral ang mga impormasyon na kanilang natatanggap na madali rin namang maunawaan. Batay sa iba't ibang pag-aaral, mas naaalala nang husay ng mga bata ang impormasyon kung ito ay inilahad sa paraang biswal at may paliwanag. Ang mga estratehiyang ito ay nakatutulong sa lahat ng antas ng mag-aaral nang sa gayon ay mas mapagbuti at mapaghusay ang mga layunin sa pagtuturo sa lahat ng asignatura. Dahil dito mas mapapataas ang kalidad ng pag-aaral at makrong kasanayan lalong higit sa paraan ng pagsulat.

Sa pagtuturo ng Filipino, ipinakita ni Portillo (2022) na ang pagsusuri ng pelikula gamit ang analysis sheet sa mga mag-aaral ng BSED-Filipino sa Leyte Normal University ay nakatutulong sa pag-unawa sa mga isyung panlipunan tulad ng kahirapan, pananampalataya, kabayanihan, at karangyaan. Natukoy din ang ugnayan ng mga teoryang pampanitikan (humanismo, realismo, romantisismo, sosyalismo) sa pag-uugali at pananaw ng mga tauhan. Katulad nito, ipinakita nina Capul et al. (2023) na ang pelikula

ay kasangkapan sa pagpapatibay ng kulturang Pilipino, pagpapahalaga sa pamilya, edukasyon, at lipunan.

Kaakibat nito ang pag-aaral nina Derin & Yıldız, (2018) na nakasaad na maraming pag-aaral na ang paggamit ng pelikula sa pagtuturo ay mahalagang bahagi ng kurikulum. Dahil naipapakita ng pelikula ang tunay na wika sa kontekstong pangkultura at sa aktwal na sitwasyon ng pakikipag-usap, mas nagiging makabuluhan ang ganitong pamamaraan. Bukod dito, napagtanto ng mga mananaliksik na ang pelikula ay maaaring magsilbing motibasyon para sa mga mag-aaral na matuto.

Ayon naman sa pananaliksik nina Liando et al. (2018), nakasaad dito na sa mga nakaraang taon, ang pelikula ay naging isang makabagong midyum sa pagtuturo at komunikasyon. Nagbibigay ito ng kapana-panabik na paraan upang makipag-ugnayan at magpalitan ng ideya sa iba. Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang pelikula bilang kasangkapang kolaboratibo, habang ang mga guro naman ay maaaring gamitin ito bilang paraan ng pagpapalaganap ng impormasyon, mensahe, at iba pang mapagkukunan, pati na rin sa paghikayat ng talakayan.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong ipakita na ang pelikula ay hindi lamang naglalahad ng kuwento kundi nagsisilbing kasangkapan sa pagtuturo at pagsusuri, na nagbubukas ng mas malalim na pag-unawa sa kultura, lipunan, at kritikal na pag-iisip ng mga manonood. Ito rin ay nagbibigay-gabay sa mga guro at mananaliksik sa mas epektibong paggamit ng pelikula sa pagtuturo ng Filipino at pagsusuri ng komunikasyon at karakter sa konteksto ng kulturang Pilipino.

### Mga Suliranin ng Pag-aaral

1. Ano-ano ang mga pahayag ng mga tauhan na nagpapakita ng kanilang tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay?
2. Ano-ano ang mga aspetong hangarin sa pelikula na makapagbibigay ng kultural na pagpapahalaga, kritikal na pag-iisip, at mga isyung panlipunan?

## METODOLOHIYA

*Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa gamit ang deskriptibong pananaliksik na may kwalitatibong pamamaraan upang suriin at bigyang-kahulugan ang mga palitang-kuro ng mga pangunahing tauhan sa pelikulang Hello, Love, Goodbye at Hello, Love, Again. Ang deskriptibong disenyo ay angkop dahil layunin nitong ilarawan, suriin, at ipaliwanag ang mga pahayag ng mga tauhan batay sa kanilang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay.

Ginagamit ang kwalitatibong pamamaraan na nakatuon sa mga hangarin sa pelikula na naglalarawan ng kultural na pagpapahalaga, kritikal na pag-iisip, at mga isyung panlipunan, ay tatalakayin gamit ang thematic analysis ni Braun and Clarke's.

*Pamamaraan ng Pagpili ng Akda*

Ginamit sa pananaliksik na ito ang purposive sampling, kung saan sinadya ang pagpili ng mga akda batay sa sumusunod na pamantayan:

1. Ang pelikula ay premyado at tumanggap ng internasyonal at/o nasyonal na parangal sa pelikula.

| Direktor | Pamagat ng Pelikula | Taon | Mga Parangal na Natanggap | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Internasyonal | Nasyonal |
| Cathy Garcia-Molina | Hello, Love, Goodbye | 2019 | Asian Academy Creative Awards (Best Direction, Best Feature Film, Best Original Screenplay) | 51st Box Office Entertainment Award (Most Popular Film Screenwriter, Most Popular Film Director) 22nd Gawad Pasado Awards 2020 (Pinakapasadong Pelikula) 7th Urduja Heritage Film Awards (Jury Prize) |
| | Hello, Love, Again | 2024 | 10th Asian World Film Festival (2024): | 7th Gawad Lasallianeta Awards (2024): |

2. Ayon sa Star Cinema (2019), umabot sa ₱880 milyon ang kita ng Hello, Love, Goodbye, habang iniulat ng ABS-CBN News (2024) na ₱1.4 bilyon naman ang kinita ng Hello, Love, Again sa pandaigdigang takilya.

3. Ang pelikula ay kabilang sa kontemporaryong panahon ng pagsulat mula 2019 hanggang sa kasalukuyan na kung saan may mga pahayag na kakitaan ng tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay at aspetong may hangarin sa kultural na pagpapahalaga, kritikal na pag-iisip, at mga isyung panlipunan.

*Instrumento ng Pananaliksik*

Ang paksa ng pag-aaral na ito ay ang pelikulang Hello, Love, Goodbye at Hello, Love, Again, kung saan ang skrip ng pelikula ang nagsilbing pangunahing pinagmulan ng datos, habang ang mga pahayag ng pangunahing tauhan ang itinuturing na datos ng pananaliksik na parehong mapapanood sa Netflix.com. Pinili ng mananaliksik ang mga pangunahing tauhan sa dalawang pelikula sapagkat sila ang may pinakamaraming pahayag sa iba't ibang eksena.

Upang matiyak ang bisa at balidong instrumento at interpretasyon, kinuha ng mananaliksik ang mga ekspertong tagasuri batay sa sumusunod na pamantayan: Kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa sekundarya o tersyarya na may digri ng Master ng Sining sa Pagtuturo ng Filipino o Doktor ng Edukasyon/Pilosopiya, o may hindi bababa sa 18 yunit sa naturang kurso. May karanasan sa pagsusuri o pag-aaral ng pelikula at wika. Sa pag-aaral na ito, maglimita ang mananaliksik sa tatlong ekspertong tagasuri upang masusing suriin ang mabubuong interpretasyon ng mga datos.

*Paraan sa Pangangalap ng Datos*

Matapos mabigyan ng clearance mula sa Ethics Review Board ng Holy Name University at pahintulot mula sa dekana ng College of Education, isinagawa ang aktwal na pangangalap ng datos. Maingat na pinanood at pinakinggan ng mananaliksik ang mga pelikulang Hello, Love, Goodbye at Hello, Love, Again, at isinagawa ang transkripsyon ng mga piling dayalogo bilang pangunahing datos ng pag-aaral.

Ang mga datos ay kinuha mula sa opisyal at lehitimong platform kung saan inilabas ang mga pelikula. Masusing sinuri ang mga dayalogo upang matukoy ang mga pahayag ng pangunahing tauhan na nagpapakita ng kanilang tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay. Isinaalang-alang din ang konteksto ng bawat eksena, kabilang ang sitwasyon, ugnayan ng mga tauhan, at kalagayang panlipunan na nakaaapekto sa kahulugan ng kanilang mga pahayag.

Matapos ang sistematikong pangangalap ng datos, isinagawa ang kritikal na pagsusuri ng mga palitang kuro upang matukoy ang mga aspetong naglalaman ng kultural na pagpapahalaga, kritikal na pag-iisip, at mga isyung panlipunan.

*Pagsasaayos at Pagsusuri ng Datos*

Upang masagot ang mga layunin ng pag-aaral na ito, sinuri ng mananaliksik ang mga piling eksena mula sa pelikulang Hello, Love, Goodbye at Hello, Love, Again sa pamamagitan ng kritikal na pagsusuri ng mga palitang-kuro ng mga pangunahing tauhan. Ang pagsusuri ay nakatuon sa mga pahayag na nagpapakita ng tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay ng mga tauhan, gayundin sa mga kahulugang nakapaloob sa kanilang mga dayalogo batay sa konteksto ng sitwasyon.

Sa pagpili ng mga sinuring datos, pinili lamang ang mga eksenang may mahalagang papel sa pag-unlad ng banghay ng kuwento alinsunod sa balangkas ni Freytag (1900), na binubuo ng simula, tunggalian, kasukdulan, kakalasan, at wakas. Ang mga piling eksenang ito ay isinailalim sa masusing pagsusuri upang matukoy ang mga pahayag na naglalaman ng kultural na pagpapahalaga, nagpapalalim ng kritikal na pag-iisip, at tumatalakay sa mga isyung panlipunan na sinasalamin ng pelikula.

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na nakatuon sa pagsusuri ng mga pelikula, kaya't hindi ito nangangailangan ng direktang kalahok sa pangangalap ng datos. Ginagamit ang thematic analysis ni Braun and Clarke's para sa

pagsusuri ng sa mga hangarin sa pelikula na upang matukoy ang mga tema na naglalarawan ng kultural na pagpapahalaga, kritikal na pag-iisip, at mga isyung panlipunan.

*Saklaw at Limitasyon*

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa kritikal na pagsusuri ng mga palitang-kuro ng pangunahing tauhan sa piling eksena mula sa mga pelikulang *Hello, Love, Goodbye* at *Hello, Love, Again*. Layunin nitong tuklasin at suriin kung paano ipinapahayag ng mga tauhan ang kanilang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay sa pamamagitan ng kanilang mga dayalogo, at kung paano ito naglalaman ng kultural na pagpapahalaga, kritikal na pag-iisip, at mga isyung panlipunan.

Sa pagsusuri, tututukan ng pananaliksik ang mga piling dayalogo ng pangunahing tauhan at susuriin ang mga pahayag na nagpapakita ng tuwirang damdamin, layunin, at karanasan ng mga tauhan sa buhay mga aspeto ng pelikula sa dayalogo na naglalaman ng kultural na pagpapahalaga, nag-uudyok ng kritikal na pag-iisip, at tumatalakay sa mga isyung panlipunan.

Hindi saklaw ng pag-aaral na ito ang pagsusuri sa iba pang elemento ng pelikula tulad ng tema, banghay, direksyon, sinematograpiya, sinopsis, istilo ng kamera, lighting, at iba pang teknikal na aspeto. Magsisilbing gabay ang pananaliksik sa mga guro sa pagbuo ng mga gawaing panturo at estratehiya na may kaugnayan sa kritikal na pagsusuri ng dayalogo at kahulugan ng mga pahayag ng tauhan sa pelikula.

## MGA RESULTA

Batay sa kwalitatibong pagsusuri ng mga datos, natuklasan ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Mga pahayag ng mga tauhan na nagpapakita ng kanilang tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay sa pelikulang Hello, Love, Goodbye (2019).

1.1 Damdamin

Ipinapakita ng mga natuklasan ang kombinasyon ng pag-ibig, personal na paglago, at emosyonal na pakikibaka ng mga pangunahing tauhan, kabilang ang tahasang pag-amin ng damdamin, pangamba sa bagong yugto ng buhay, insecurities, at panloob na tunggalian. Binibigyang-diin din nito ang kahalagahan ng pagkilala sa sariling kakulangan, pagiging bukas sa damdamin, at pagpapahalaga sa ibang tao sa proseso ng kanilang personal at emosyonal na pag-unlad.

1.2 Layunin

Ipinapakita ng mga natuklasan ang pangarap ni Joy para sa mas maayos na kinabukasan at ang layunin ni Ethan na patunayan ang sarili, na parehong nagpapakita ng kanilang personal na paglago, determinasyon, at pagsusumikap, pati na rin ang paniniwala sa tamang panahon at mga pangako para sa hinaharap.

1.3 Karanasan sa Buhay

Ipinapakita ng mga natuklasan ang matinding realidad at hamon ng buhay ng OFW sa Hongkong, kabilang ang takot sa pagkawala ng kabuhayan, bigat ng responsibilidad, at tahimik na sakripisyo para sa pamilya, kasabay ng pagsisisi, pagnanais makabawi, at pagkilala sa sariling pangangailangan, na nagpapakita ng kanilang personal na paglago at pagninilay batay sa karanasan.

2. Mga pahayag ng mga tauhan na nagpapakita ng kanilang tuwirang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay sa pelikulang Hello, Love, Again (2024).

2.1 Damdamin

Ipinapakita ng mga natuklasan ang kompleksidad ng emosyon sa relasyon, kabilang ang pagmamahal, suporta, pangako, kasiyahan, at pagsisisi, pati na rin ang kawalan ng katiyakan at layunin na ayusin at pangalagaan ang relasyon, na sama-samang naglalarawan ng emosyonal na repleksyon at dedikasyon ng mga tauhan sa kanilang relasyon.

2.2 Layunin

Ipinapakita ng mga natuklasan ang layunin ni Joy na humingi ng tulong para sa pinansyal at relational na pangangailangan, habang sabay na pinapakita ang kanyang kamalayan sa personal na limitasyon, responsibilidad, at planadong hakbang para sa maayos na pakikitungo sa kapwa.

2.3 Karanasan

Ipinapakita ng mga natuklasan ang kompleksidad ng emosyon, karanasan, at pakikibaka nina Joy at Ethan, kabilang ang pangamba, sakripisyo, determinasyon, at personal na paglago sa harap ng hamon ng buhay at trabaho bilang OFW. Kasabay nito, binibigyang-diin ang kanilang pagmamahal, dedikasyon sa relasyon, tahasang pagpapahayag ng damdamin, at pagpapahalaga sa pangako at pangarap, na sumasalamin sa tema ng pelikula tungkol sa relasyon, personal na pag-unlad, at responsibilidad sa sarili at sa pamilya.

3. Mga Aspetong Hangarin sa Pelikula na Makapagbibigay ng Kultural na Pagpapahalaga, Kritikal na Pag-iisip, at mga Isyung Panlipunan. (Hello, Love, Good bye 2019)

**Talahanayan 1. Mga Aspetong Hangarin sa Pelikula na Makapagbibigay ng Kultural na Pagpapahalaga**

| Tema | Mga Dayalogo | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| 1. Pagsasakripisyo at Pagtitiyaga | 1. JOY: Dito sa Hong Kong, hanggang gumagalaw ka, buhay ka. Kapag tumigil ka, magugutom ka. Kaya bawal huminto. | Ipinapakita ang kulturang masipag, matiisin, at handang magsakripisyo para sa pamilya at sariling dangal, lalo na sa konteksto ng pagtatrabaho sa ibang bansa. |
| | 2. JOY: Mahal ko kayong lahat pero… alam niyo ba 'yong nilulunok ko sa trabaho para lang suportahan kayo? | |
| | 3. JOY: Maganda, matalino, masipag, pero higit sa lahat mapagmahal. Tumatayo sa harap ninyo si Joy ng Marinduque! | |
| 2. Pananagutan sa Pamilya | 1. Ethan: Alam ko nasaktan ko 'yong tatay ko noon… pero gusto kong maramdaman niya na nandito ako para sa kanila. | Sumasalamin sa pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pamilya bilang pangunahing dahilan ng mga desisyon at sakripisyo sa buhay |
| | 2. JOY: Hindi pwedeng magkaroon ng tayo… marami akong responsibilidad. Ethan: "Di ako dadagdag, tutulungan pa kita. | |
| | 3. JOY: Kasi marami akong responsibilidad, di ko na kayang dumagdag ka sa iisipin ko. | |
| 3.Pangarap bilang Pag-asa sa Kinabukasan | 1. JOY: Sa Canada mabubuo tayo. | Ipinapakita ang paniniwala na ang pag-abot ng pangarap ay daan tungo sa mas maayos na buhay at kinabukasan. |
| | 2. JOY: Sa Canada, para sa mga katulad naming may choice. Doon magiging okay ako. | |
| | 3. Ethan: Pinoproseso na rin 'yong permits tas sisimulan ko na 'yong marketing. Pag natupad 'to, 'di na kailangan ni Joy na umalis papuntang Canada. | |
| | 4. Ethan: Joy gusto ko mabuhay ka sa pangarap mo, hindi kita pipigilan ulit. Sa ngayon magtatrabaho ako ng maigi para sa deserve mong future. | |
| | 5. Ethan: Magtatagpo din ang mga futures natin balang araw di ba? Gawin natin 'yang mangyari. | |

| | | |
|---|---|---|
| 4.Pag-ibig na May Pag-unawa at Suporta | 1. Ethan: Joy, gusto kong mabuhay ka sa pangarap mo, hindi kita pipigilan ulit. | Ipinakikita ang uri ng pag-ibig na hindi mapang-angkin kundi nagbibigay-laya, suporta, at emosyonal na seguridad sa minamahal. |
| | 2. JOY: Hindi pwedeng magkaroon ng tayo… marami akong responsibilidad. Ethan: Di ako dadagdag, tutulungan pa kita. | |
| | 3. JOY: Kasi marami akong responsibilidad, di ko na kayang dumagdag ka sa iisipin ko. Ethan: Di ako dadagdag, tutulungan pa kita. | |
| | 4. Ethan: Maligayang isang buwan, sa anniversary natin… bilang unang customer mangyaring gawin ang mga karangalan ng pagsulat kahit saan mo gusto. Salamat. | |
| | 5. Ethan: Takot na kong magmahal ulit… baka may magpakilala sayo, baka magustuhan mo siya Joy. | |
| | 6.Ethan: Joy ay palaging maghihintay sayo, wag kang magbago okay? | |
| | 7. Ethan: Mahal kita. Joy:A…. | |
| | 8. Ethan: Pwede bang ibigay mo sakin ang natitirang oras mo sa Hong Kong kasama ako? Joy:Oo. | |
| 4. Pagpili sa Sarili na may Pananagutan | 1. Joy: Kung mahal mo ko bakit pinapapili mo ako? Kung mahal mo ko bakit hindi ako ang piliin mo Joy? | Ipinapakita ang tensyon sa pagitan ng personal na kaligayahan at responsibilidad sa pamilya at relasyon. |
| | 2. Joy: Baka gustong sabihin ng mundo Joy pwede ka ng hindi umalis. Kasi di mo rin naman makukumpleto ‘yong pamilya mo don. | |
| 5. Pag-asa, Paghihintay, at Paniniwala sa Tadhana | 1. Ethan: Magtatagpo din ang mga futures natin balang araw di ba? Gawin natin ‘yang mangyari. | Sumasalamin sa kulturang Pilipino ng pagtitiis, paniniwala sa muling pagtatagpo, at pag-asa sa hinaharap sa kabila ng distansya at takot. |
| | 2. Joy: Ang lawak ng mundo, natatakot ako. Ethan:Kaya mo ‘yan. | |
| | 3. Joy: Babalik ako. Ethan: Hihintayin kita. | |
| | 4. Joy: Ikaw ’yon, Ethan. Salamat. | |

**Talahanayan 2. Mga Aspetong Hangarin sa Pelikula na Makapagbibigay ng Kritikal na Pag-iisip**

| Tema | Mga Dayalogo | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Pagsusuri sa Relasyon at Pag-ibig | 1. Joy: Sayang lang ang love kung aalis ka rin pagkatapos ng kontrata. | Ipinapakita ang kakayahang suriin ang halaga ng pag-ibig sa konteksto ng limitadong panahon, kawalan ng katiyakan, at personal na kalagayan. |
| | 2. JOY:Hindi na ako sa love, sayang oras. | |
| | 3. JOY: Di ako magtatagal dito sa Hongkong.<br>Ethan: Joy andito ka pa… Tatanggapin ko kahit anong maibigay mo hanggang kung saan kayang ibigay ng panahon para mahalin natin ang isa't isa. | |
| | 4. Joy: Hindi ito naging tanong sa pag-ibig, mahal na mahal kita pero may kulang sa sarili ko na hindi kayang mapunan kahit ng pagmamahal mo. | |
| Pagpili sa Sarili at Personal na Paglago | 1. JOY: Ethan, mahal kita pero sa ngayon mas mahal ko 'yong sarili ko. | Sumasalamin sa malay na desisyon na unahin ang sariling pangangailangan, pangarap, at personal na pag-unlad kahit may emosyonal na sakripisyo. |
| | 2. Joy: Selfish na ba talagang piliin ko naman 'yong sarili ko ngayon? | |
| | 3. Joy: Ethan mahal kita pero sa ngayon mas mahal ko 'yung sarili ko. Sana mapatawad mo ko.pangarap ko. | |
| | 4. Joy: At magtatrabaho ako ng maigi para sa deserve na chance na binigay mo sakin... at hayaan akong mabuhay sa | |
| Pagkilala sa Sariling Kakayahan at Hangarin | 1. JOY: Putik graduate akong college! Anong ginagawa ko? Naglilinis ng inidoro, mas mataas pa ako sa trabahong 'to, gusto ko ng higit. | Ipinapakita ang repleksiyon ng mga tauhan sa kanilang kakayahan, identidad, at mga layunin sa buhay. Ipinakikita ang pag-angkin sa sariling tinig at ang pangangailangang mapakinggan sa gitna ng |
| | 2. Ethan: E ikaw nga, at least alam mo kung anong gusto mo e. Sa edad kong 'to, ni hindi ko alam kung anong gusto ko. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. JOY: Hindi naman doon natatapos ang buhay, lahat ng gusto mong maging pwede pa rin. Di pa huli lahat. | relasyon at panlipunang inaasahan. |
| Pagbibigay-Halaga sa Sariling Boses at Pangangailangan | 1. Joy: Lahat ng gusto mo para sa akin pero hindi mo ko tinanong kung anong gusto ko, kung anong kailangan ko. | |
| Pagtitimbang sa Pananatili at Pag-alis | 1. Ethan: E pano kung mag-stay, pano kung mapakita ko sa kanya na di na niya kailangang pumunta ng Canada para magkaroon ng magandang buhay kung kaya ko naman ibigay dito sa Hongkong. Ito lumiko na ko. Okay. Anong floor ba? Pagod na ako ha. Hello? Ethan? | Ipinapakita ang masusing pag-aanalisa sa mga posibleng bunga ng pananatili o pag-alis sa isang lugar o sitwasyon. |
| | 2. Joy: Baka gustong sabihin ng mundo Joy pwede ka ng hindi umalis. Kasi di mo rin naman makukumpleto 'yong pamilya mo don. | |
| Pagtanggap sa Takot at Kawalan ng Katiyakan | 1. Joy: Ang lawak ng mundo, natatakot ako. Ethan:Kaya mo 'yan. | Sumasalamin sa kamalayang ang buhay ay puno ng pagbabago, at ang pagharap sa takot ay bahagi ng proseso ng personal na paglago. |
| | 2. Joy: May mga lugar na pangmatagalan, may mga lugar na dinadaanan lang... Tulad ng tao, may mga dumadaan lang, mayron din pangmatagalan na babaguhin ka habang buhay. | |

**Talahanayan 3. Mga Aspetong Hangarin ng Pelikula sa mga Isyung Panlipunan**

| Tema | Mga Dayalogo | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Kawalan ng Seguridad sa Trabaho | 1. JOY: Ma'am apat na buwan na lang ako. Di po ako pwedeng mawalan ng trabaho". | Ipinapakita ang takot ng mga migranteng manggagawa na mawalan ng trabaho, na nagdudulot ng patuloy na pangamba at kawalan ng katiyakan sa kanilang kalagayan. |
| | 1. JOY: Minsan gusto ko na lang maging selfish at iwanan lahat ng | Sumasalamin sa pagnanais ng tauhan na |

| | | |
|---|---|---|
| Emosyonal at Sikolohikal na Pagod | responsibilidad ko, gusto kong maramdaman na kontrolado ko pa rin ang buhay ko.<br>2. Ethan: Di ako talaga, sex lang… minsan lungkot, minsan boredom, pero walang feelings. | pansamantalang takasan ang responsibilidad at ang emosyonal na pagkakahiwalay na dulot ng pamumuhay sa ibang bansa. |
| Presyur sa Pananalapi at Takot sa Pagkakautang | 1. Ethan: Ilalaban ko na 'to para sa future… pag 'yan pumalya ilulubog ka sa utang niyan. Tipid tipid para umabot 'yong sweldo ngayong buwan… mahirap na baka madamay kayo. | Ipinapakita ang patuloy na pangamba sa kakulangan ng kita, utang, at epekto nito hindi lamang sa sarili kundi pati sa pamilya. |
| Maramihang Responsibilidad ng OFWs | 2. JOY: Kasi marami akong responsibilidad, di ko na kayang dumagdag ka sa iisipin ko.<br>Ethan:Di ako dadagdag, tutulungan pa kita. | Sumasalamin sa bigat ng mga obligasyong pasan ng mga Pilipinong manggagawa na nagiging hadlang sa personal na relasyon at emosyonal na kapakanan. |
| Dilemma sa Pananatili o Pag-alis sa Ibang Bansa | 1. Ethan: E pano kung mag-stay, pano kung mapakita ko sa kanya na di na niya kailangang pumunta ng Canada para magkaroon ng magandang buhay kung kaya ko naman ibigay dito sa Hongkong. Ito lumiko na ko. Okay. Anong floor ba? Pagod na ako ha. Hello? Ethan?" | Ipinapakita ang suliraning kinakaharap ng mga OFWs sa pagpili kung mananatili sa kasalukuyang lugar o maghahanap ng mas magandang oportunidad sa ibang bansa. |

4. Mga Aspetong Hangarin sa Pelikula na Makapagbibigay ng Kultural na Pagpapahalaga, Kritikal na Pag-iisip, at mga Isyung Panlipunan. (Hello, Love, Again 2024)

**Talahanayan 4. Mga Aspetong Hangarin sa Pelikula na Makapagbibigay ng Kultural na Pagpapahalaga**

| Tema | Mga Dayalogo | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| 1. Pag-asa at Sakripisyo sa Buhay at Relasyon | 1. Ethan: Hindi ko inexpect na maniniwala ka pero… may chance pa para Maitama lahat.<br>2. Joy: Ang mahal ng pamasahe dito, literal na dugo't pawis at luha.<br>3. Joy: Kaya mo ba ko gustong pakasalan para ibalik ako sa Hong Kong? | Ipinapakita ang paniniwala sa ikalawang pagkakataon, sakripisyo, at praktikal na desisyon upang harapin ang kahirapan sa buhay at relasyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Joy: Pwede akong maging common law wife mo… kailangan ko ng pera e tulungan lang. | |
| 2. Katapatan at Pagpapahalaga sa Pangako | 1. Joy: Sabi mo non babalik ka nangako ka diba? Tinanggap mo yung singsing umoo ka. | Ipinapakita ang kahalagahan ng paninindigan, katapatan, at pagtupad sa pangako bilang mahalagang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. |
| | 2. Joy: Di ba sabi ko sayo dati babalik ako? | |
| | 3. Ethan: Di ba nangako din ako sayo na hihintayin kita, ngayon nandito ka na. | |
| | 4. Ethan: Tatanggapin ko kahit anong maibigay mo hanggang kung saan kayang ibigay ng panahon para mahalin natin ang isa't isa. | |
| 3. Pagpapatuloy at Pag-usad ng Relasyon | 1. Joy: Pero maliban sa old memories, kailangan din natin ng mga bago. | Ipinapakita ang kahalagahan ng paglikha ng bagong karanasan at pag-usad ng relasyon, kahit may nakaraan na. |
| 4. Pag-ibig bilang Emosyonal na Kanlungan at Suporta | 1. Ethan: Masaya ako sa lahat ng mga narating mo at mararating mo pa | Sumasalamin sa konsepto ng pag-ibig bilang kanlungan, seguridad, at pinagmumulan ng kaligayahan, kasama ang walang-inggit na suporta sa mahal sa buhay. |
| | 2. Joy: Kasi ikaw ang tahanan ko, ikaw ang higit ko, ikaw ang kaligayahan ko. | |
| 5. Pagsusuri sa Pag-ibig at Limitadong Panahon | 1. Joy: Sayang lang ang love kung aalis ka rin pagkatapos ng kontrata. | Ipinapakita ang kakayahan ng tauhan na suriin ang halaga ng pag-ibig sa konteksto ng limitadong panahon, personal na kalagayan, at kawalan ng katiyakan, na nagrereplekta sa realismong Pilipino sa relasyon. |
| | 2. Joy: Hindi na ako sa love, sayang oras. | |
| | 3. Joy: Hindi ito naging tanong sa pag-ibig, mahal na mahal kita pero may kulang sa sarili ko na hindi kayang mapunan kahit ng pagmamahal mo. | |
| | 4. Joy: Di ako magtatagal dito sa Hong Kong. | |

**Talahanayan 5. Mga Aspetong Hangarin sa Pelikula na Makapagbibigay ng Kritikal na Pag-iisip**

| Tema | Mga Dayalogo | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Pagsusuri sa Sarili at Emosyonal na Kontrol | 1. Ethan: I'm really really sorry… pinapangako ko hindi na kita lalapitan. | Ipinapakita ang kakayahan ng mga tauhan na kontrolin ang emosyon at magtakda ng hangganan upang maiwasan ang mas komplikadong sitwasyon. |
| | 2. Joy: Bawal personalan, bawal maapektuhan. | |
| Kritikal na Pagsusuri sa Desisyon at Motibo | 1. Joy: Kaya mo ba ko gustong pakasalan para ibalik ako sa Hong Kong? | Ipinapakita ang pagtatanong sa tunay na layunin at intensyon sa likod ng mga desisyon, tanda ng mapanuring pag-iisip. |
| | 2. Ethan: Umoo ka ba para di na ako makaalis dito? Hindi para sa'kin ang Canada. | |
| | 3. Ethan: Hindi naman tayo totoo, 'di ba? | |
| Pagbabalik-tanaw at Pagsusuri sa Pangako | 1. Joy: Sabi mo noon babalik ka, nangako ka 'di ba? | Ipinapakita ang kakayahang suriin ang nakaraan at ang bigat ng mga pangakong binitiwan bilang batayan ng kasalukuyang desisyon. |
| Pagmumuni-muni at Pagdedesisyon sa Hinaharap | 1. Joy: Kaya ko bang pangmatagalan, Ethan? | Ipinapakita ang replektibong pag-iisip ng tauhan sa pagtimbang kung kakayanin ba ang pangmatagalang responsibilidad ng relasyon. |
| | 2. Joy: Kaya ko bang pangmatagalan? | |
| | 3. Joy: Bumalik tayo. | |
| Paggalang sa Autonomiya at Personal na Desisyon | 1. Ethan: Sana mahanap mo 'yong mga sagot sa tanong mo na ikaw lang ang makakasagot. | Ipinapakita ang pagkilala sa kakayahan ng indibidwal na magpasya para sa sarili, isang mahalagang elemento ng kritikal na pag-iisip. |

| | | |
|---|---|---|
| Pagdududa at Paghahanap ng Katotohanan sa Relasyon | 1. Ethan: Gagawin ko lang kung anong gusto mong gawin ko… Mahal mo pa rin ba ako? | Ipinapakita ang pagkuwestiyon sa katotohanan ng damdamin at relasyon bago gumawa ng mahalagang desisyon. |
| Pagkilala sa Kabuluhan ng Karanasan | 1. Ethan: Sapat na sa akin na sa lawak ng mundo nagtagpo ulit tayo. | Ipinapakita ang pagninilay sa kahulugan ng karanasan bilang bahagi ng mas malalim na pag-unawa sa buhay at relasyon. |

**Talahanayan 6. Mga Aspetong Hangarin ng Pelikula sa mga Isyung Panlipunan**

| Tema | Mga Dayalogo | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| 1. Pang-aabuso at Diskriminasyon sa Manggagawang Migrante | 1. Joy: Niloko ko ng amo ko Ethan, ’yong kinakaltas niya sa sahod ko para sa tax hindi niya pala ibinabayad. | Ipinapakita ng mga pahayag ang sistematikong pang-aabuso at diskriminasyon na nararanasan ng mga migranteng manggagawa, na nagbubunga ng kawalan ng dignidad at proteksiyon sa lugar ng paggawa. |
| | 2. Ethan: Yung naglilinis ka ng kubeta… tagapunas lang ng puwet? | |
| 2. Kahirapan at Kawalan ng Oportunidad sa Sariling Bansa | 1. Ethan: Baka kasi noon meron ako, ngayon walang-wala na, kagaya ng iba Canada na lang ang pag-asa ko. | Sumasalamin ang pahayag sa kakulangan ng sapat na oportunidad sa sariling bansa na nagtutulak sa mga Pilipino na mangibang-bansa bilang paraan ng pag-angat sa buhay. |
| 3. Epekto ng Migrasyon sa Ugnayang Pamilya | 1. Ethan: Si papa wala na… hindi ako umabot. | Ipinapakita ng dayalogo ang emosyonal at sikolohikal na epekto ng migrasyon, partikular ang pagkakawatak ng pamilya at ang pagsisising dulot ng pisikal na pagkakalayo sa mahal sa buhay. |

| | | |
|---|---|---|
| 4. Instrumentalisasyon ng Relasyong Personal sa Proseso ng Migrasyon | 1. Joy: Kailangan ayusin natin ang game plan para sa visa mo… kailangan maniwala ’yong IRCC na tayo talaga. | Inilalahad ng pahayag ang paggamit ng personal na relasyon bilang estratehiya upang makamit ang legal na migrasyon, na nagpapakita ng moral at emosyonal na komplikasyon sa konteksto ng pag-alis ng bansa. |
| 5. Pananagutan, Sakripisyo, at Personal na Pagpapasya | 1. Ethan: Umoo ka ba para ’di na ’ko makaalis dito? Hindi para sa’kin ang Canada. | Ipinapakita ng mga pahayag ang tunggalian sa pagitan ng personal na damdamin, pangarap, at pananagutang panlipunan, na sumasalamin sa pagpapahalaga ng kulturang Pilipino sa sakripisyo at responsibilidad. |
| | 2. Ethan: Hindi ko na kailangang sabihin sa’yo ang kahit ano — hindi tayo. | |
| | 3. Ethan: Hindi ko na pwedeng iwan ’yong mga responsibilidad ko para habulin ’yong ibang tao. | |

## MGA TALAKAY

1. Ang pagsusuri sa dayalogo ng mga pangunahing tauhan sa *Hello, Love, Goodbye* (2019) ay nagbunyag ng masalimuot na ugnayan o palitan ng personal na emosyon, layunin, at karanasan sa buhay, na hindi lamang nagpapakita ng indibidwal na emosyonal na estado kundi nagsisilbing salamin ng panlipunang konteksto ng mga Pilipinong migrante.

1.1. Damdamin

Ipinapakita ng mga pahayag ng tauhan ang kombinasyon ng pag-ibig, personal na paglago, at emosyonal na pakikibaka, kabilang ang tahasang pag-amin ng damdamin, pangamba sa bagong yugto ng buhay, insecurities, at panloob na tunggalian. Ang ganitong introspeksyon ay nagpapahiwatig ng proseso ng self-reflection na mahalaga sa personal na pag-unlad. Kaakibat nito, binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagbubukas ng damdamin at pagpapahalaga sa ibang tao, na sumasalamin sa kolektibong karanasan ng mga Pilipino sa migrasyon, gaya ng tinukoy nina Apriyani at Wiraharja (2023). Ang

pelikula, sa ganitong perspektibo, ay nagsisilbing midyum para sa mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng indibidwal at lipunan.

1.2. Layunin

Ang mga pahayag ng tauhan tungkol sa kanilang layunin ay naglalarawan ng determinasyon at personal na paglago. Ang pangarap ni Joy para sa mas maayos na kinabukasan at ang layunin ni Ethan na patunayan ang sarili ay nagpapakita ng agency sa konteksto ng migrasyon at obligasyon sa pamilya. Ang resulta ng pagsusuri ay konsistent sa mga natuklasan nina Asri (2020) at Gaihe et al. (2025), na nagpapakita na ang pelikula ay epektibong midyum sa pagpapahayag ng personal at panlipunang adhikain.

1.3. Karanasan sa Buhay

Ipinapakita ng mga pahayag ang kompleksidad ng karanasan ng OFW sa Hongkong, kabilang ang kawalan ng seguridad sa kabuhayan, emosyonal na pagod, at tahimik na sakripisyo para sa pamilya. Kasama rin dito ang pagsisisi, pagnanais makabawi, at pagkilala sa sariling pangangailangan, na nagpapakita ng proseso ng resilience at moral negotiation. Ang temang ito ay sumasalamin sa literatura hinggil sa karanasan ng mga migrante (Rajpopat, 2023; Capul et al., 2023), na nagpapakita kung paano nakaugat ang personal na karanasan sa mas malawak na konteksto ng panlipunang obligasyon at kultural na pagpapahalaga. Sa ganitong paraan, ang dayalogo ay hindi lamang representasyon ng buhay ng OFW, kundi sistematikong nagbubukas ng kritikal na pag-unawa sa interseksyon ng emosyon, responsibilidad, at personal na paglago.

2. Ang pagsusuri sa dayalogo ng mga pangunahing tauhan sa Hello, Love, Again (2024) ay nagpakita ng mas malalim at mas komplikadong dinamika ng damdamin, layunin, at karanasan sa buhay, na higit na nagpapayaman sa pag-unawa sa relasyon, personal na pag-unlad, at panlipunang obligasyon ng mga Pilipinong migrante.

2.1. Damdamin

Ipinapakita ng mga natuklasan ang kompleksidad ng emosyon sa konteksto ng relasyon, kabilang ang pagmamahal, suporta, pangako, kasiyahan, at pagsisisi. Kasama rin dito ang kawalan ng katiyakan at pangangailangang ayusin at pangalagaan ang relasyon, na sama-samang naglalarawan ng emosyonal na repleksyon at dedikasyon ng mga tauhan. Ang ganitong masalimuot na ugnayan o palitan ng personal na emosyon ay sumasalamin sa teoryang interpersonal at sa humanistang perspektibo na binanggit nina Apriyani at Wiraharja (2023), kung saan ang pelikula ay nagsisilbing daluyan upang maipahayag ang emosyonal at moral na dimensyon ng ugnayan.

2.2 Layunin

Ang pagsusuri sa dayalogo ay nagpakita ng malinaw na layunin nina Joy at Ethan, kabilang ang paghiling ng tulong para sa pinansyal at relational na pangangailangan, kasabay ng kamalayan sa sariling limitasyon, responsibilidad, at maingat na pagpaplano ng hakbang para sa maayos na pakikitungo sa kapwa. Ang natuklasan na ito ay nagpapakita ng aktibong kritikal na pag-iisip, konsistent sa mga naunang pag-aaral nina Asri (2020) at Gaihe et al. (2025), na nagpapalawak ng diskurso hinggil sa pelikula bilang midyum ng pagpapahayag ng layunin at personal na pagpapasya sa harap ng social at kultural na konteksto.

2.3 Karanasan sa Buhay

Ipinapakita ng mga natuklasan ang multidimensional na karanasan ng mga tauhan bilang OFW, kabilang ang pangamba, sakripisyo, determinasyon, at personal na paglago sa harap ng mga hamon ng trabaho at relasyon. Ang tahasang pagpapahayag ng damdamin, dedikasyon sa relasyon, at pagpapahalaga sa pangako at pangarap ay nagpapahiwatig ng masalimuot na ugnayan ng personal at panlipunang responsibilidad, na sumasalamin sa tema ng pelikula hinggil sa relasyon, pag-unlad ng sarili, at obligasyon sa pamilya. Ang resulta ay sumusuporta sa mga konsepto ng critical discourse analysis at formalismo, kung saan ang dayalogo ay hindi lamang representasyon ng emosyon kundi sistematikong nagbubukas ng refleksyon sa moral, etikal, at kultural na aspeto ng buhay ng Pilipino (Rajpopat, 2023; Capul et al., 2023).

Ipinapakita ng Hello, Love, Again ang progresibong paglago ng tauhan at relational maturity, kung saan ang mga dayalogo ay nagsisilbing instrumento para sa introspeksyon, pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, at pagpapahayag ng kultural at panlipunang halaga. Ang mga natuklasan ay nagpapatibay sa ideya na ang pelikula ay hindi lamang libangan kundi isang makabuluhang pedagogical at cultural tool na nagbibigay-linaw sa interplay ng wika, damdamin, at karanasan sa buhay ng mga Pilipino.

3. Mga Aspetong Hangarin sa Pelikula na Makapagbibigay ng Kultural na Pagpapahalaga, Kritikal na Pag-iisip, at mga Isyung Panlipunan. (Hello, Love, Good bye 2019)

3.1 Batay sa mga datos na ipinapakita ng mga natuklasan mula sa Talahanayan 1 ang mga piling dayalogo sa pelikula ay sumasalamin sa mahahalagang kultural na pagpapahalagang Pilipino na makikita sa karanasan at pananaw ng mga tauhan. Lumitaw sa pagsusuri ang mga temang tulad ng pagsasakripisyo at pagtitiyaga, pananagutan sa pamilya, pangarap at pag-asa sa hinaharap, pag-ibig na may pag-unawa at suporta, pagpili sa sarili na may pananagutan, at paniniwala sa pag-asa at tadhana, na nagpapakita ng mga pagpapahalagang malalim na nakaugat sa kulturang Pilipino.

Ipinahihiwatig din ng pagsusuri na ang mga desisyon at mithiin ng mga tauhan ay hindi lamang nakabatay sa personal na kagustuhan kundi nahuhubog din ng kanilang panlipunang konteksto at responsibilidad sa pamilya. Sa ganitong paraan, ang pelikula ay nagsisilbing mahalagang daluyan ng pagpapakita ng mga panlipunan at kultural na realidad ng mga Pilipino, lalo na sa konteksto ng migrasyon at paghahangad ng mas

maayos na kinabukasan, at nagiging isang makabuluhang tekstong kultural na tumutulong sa pag-unawa sa mga pagpapahalaga, paniniwala, at kultural na identidad ng mga Pilipino.

3.2 Batay sa mga datos na natuklasan mula sa Talahanayan 2 ang mga piling dayalogo sa pelikula na makapagbibigay ng Kritikal na Pag-iisip gaya ng mga dayalogo nina Joy at Ethan ay nagpapakita ng malalim na refleksyon sa relasyon, pag-ibig, at personal na paglago. Sa tema ng pagsusuri sa relasyon at pag-ibig, makikita sa mga pahayag ni Joy ang pagtatasa sa kahalagahan ng pagmamahal sa konteksto ng limitadong panahon at kawalan ng katiyakan. Ipinapakita nito ang kakayahang timbangin ang damdamin at ang praktikal na realidad ng sitwasyon at nagpapakita ng emosyonal na dedikasyon at pang-unawa sa limitasyon ng oras at sitwasyon, na nagbibigay-diin sa dinamiko at patuloy na nagbabagong proseso ng relasyon.

Sa tema ng pagpili sa sarili at personal na paglago, malinaw na ipinapahayag ni Joy ang kanyang kamalayan sa kahalagahan ng sariling pangangailangan at pangarap. Ipinahihiwatig nito ang emosyonal na sakripisyo na kaakibat ng pagpapasya na unahin ang sariling paglago. Kasabay nito, sa tema ng pagkilala sa sariling kakayahan at hangarin, ipinapakita ang repleksyon ng mga tauhan sa kanilang identidad at potensyal.

Ang tema ng pagtitimbang sa pananatili o pag-alis at pagtanggap sa takot at kawalan ng katiyakan ay nagpapakita ng masusing pag-aanalisa ng mga tauhan sa mga posibleng epekto ng kanilang desisyon.Kasabay nito, ipinapakita rin ni Joy ang kamalayang emosyonal sa pagbabago at takot sa hindi tiyak na kinabukasan.

3.3 Makikita sa Talahanayan 3 ang pagsusuri sa mga piling dayalogo nina Joy at Ethan ay nagpapakita ng iba't ibang dimensyon ng hamon at karanasan ng mga Pilipinong migranteng manggagawa. Ang tema ng kawalan ng seguridad sa trabaho ay malinaw na naipapahayag at ipinahihiwatig nito ang patuloy na pangamba at kawalang-katiyakan sa kanilang kalagayan, na nagiging pangunahing sanhi ng stress at takot sa pagkawala ng pinansyal at emosyonal na katatagan. Ang pahayag na ito ay sumasalamin sa realidad ng maraming Overseas Filipino Workers (OFWs) na nakararanas ng kawalan ng katiyakan sa trabahobilang bahagi ng kanilang migrasyon.

Kasabay nito, ipinapakita rin sa mga dayalogo ang emosyonal at sikolohikal na pagod na dala ng pamumuhay sa ibang bansa. Halimbawa, ang pahayag ni Joy: “Minsan gusto ko na lang maging selfish at iwanan lahat ng responsibilidad ko, gusto kong maramdaman na kontrolado ko pa rin ang buhay ko” ay nagpapakita ng kanyang pansamantalang pagnanais na takasan ang bigat ng obligasyon at emosyonal na pagkakahiwalay. Samantala, ang sinabi ni Ethan na “Di ako talaga, sex lang… minsan lungkot, minsan boredom, pero walang feelings” ay nagpapakita ng emosyonal na pagod at alienasyon sa relasyon, na sumasalamin sa kahirapan ng mga OFWs na pagsabayin ang personal na buhay sa mabigat na responsibilidad at distansya sa pamilya.

Ang tema ng presyur sa pananalapi at takot sa pagkakautang ay malinaw na nakikita sa pahayag ni Ethan. Ipinapakita nito ang patuloy na pangamba sa kakulangan

ng kita at sa epekto ng utang, hindi lamang sa sarili kundi pati sa pamilya. Ang ganitong uri ng pangamba ay naglalarawan ng mataas na lebel ng responsibilidad na dala ng mga migranteng manggagawa, kung saan ang bawat desisyon ay may direktang implikasyon sa kabuhayan at seguridad ng pamilya.

Ang tema ng maramihang responsibilidad ng OFWs ay naipapakita rin sa palitang kuro nina Joy at Ethan: Ipinapakita rito ang bigat ng obligasyong pasan ng mga OFWs, na nagiging hadlang sa personal na relasyon at emosyonal na kapakanan. Makikita na ang komunikasyon at pagsuporta sa isa't isa ay nagiging mekanismo upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng responsibilidad at personal na buhay.

Sa huli, ang tema ng dilemma sa pananatili o pag-alis sa ibang bansa ay ipinapakita sa pahayag ni Ethan. Ipinapakita nito ang suliraning kinahaharap ng mga OFWs sa pagpili sa pagitan ng kasalukuyang kalagayan at mas magandang oportunidad sa ibang bansa. Ang pahayag ay sumasalamin sa tensyon ng personal na pangarap, relasyon, at responsibilidad, na naglalarawan ng komplikadong desisyon na kaakibat ng migrasyon.

4. Mga Aspetong Hangarin sa Pelikula na Makapagbibigay ng Kultural na Pagpapahalaga, Kritikal na Pag-iisip, at mga Isyung Panlipunan. (Hello, Love, Again 2024)

4.1 Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita kung paano naipapahayag ng mga pangunahing tauhan sa Hello, Love, Again ang kanilang mga hangarin sa buhay at relasyon, na sumasalamin sa kultural na pagpapahalaga ng mga Pilipino. Sa tema ng pag-asa at sakripisyo sa buhay at relasyon, ipinapakita ng mga pahayag nina Joy at Ethan ang determinasyon, praktikal na desisyon, at sakripisyo upang mapanatili ang relasyon sa kabila ng mga kahirapan. Halimbawa, ang linyang ni Ethan, "Hindi ko inexpect na maniniwala ka pero… may chance pa para Maitama lahat", ay naglalarawan ng pananampalataya sa ikalawang pagkakataon at ang kahalagahan ng pagtitiyaga sa relasyon. Samantala, ang mga pahayag ni Joy tulad ng "Ang mahal ng pamasahe dito, literal na dugo't pawis at luha" at "Pwede akong maging common law wife mo… kailangan ko ng pera e tulungan lang" ay nagpapakita ng emosyonal at pinansyal na sakripisyo bilang bahagi ng praktikal na pakikibaka sa buhay.

Sa tema ng katapatan at pagpapahalaga sa pangako, malinaw na binibigyang-diin ng mga tauhan ang kahalagahan ng paninindigan at pagtupad sa pangako bilang pundasyon ng relasyon, na may malalim na kaugnayan sa kulturang Pilipino. Ang mga dayalogo tulad ng "Sabi mo non babalik ka nangako ka diba? Tinanggap mo yung singsing umoo ka" at "Tatanggapin ko kahit anong maibigay mo hanggang kung saan kayang ibigay ng panahon para mahalin natin ang isa't isa" ay naglalarawan ng respeto sa commitment at pagpapahalaga sa emosyonal na tiwala. Kasabay nito, ang mga pahayag nina Joy at Ethan sa pagpapatuloy at pag-usad ng relasyon, at sa pag-ibig bilang emosyonal na kanlungan at suporta, tulad ng "Pero maliban sa old memories, kailangan din natin ng mga bago…" at "Kasi ikaw ang tahanan ko, ikaw ang higit ko, ikaw ang kaligayahan ko", ay nagpapakita ng kahalagahan ng relasyon bilang pinagmumulan ng seguridad, suporta, at kaligayahan.

Higit pa rito, ipinapakita sa tema ng pagsusuri sa pag-ibig at limitadong panahon ang realismong Pilipino sa relasyon, kung saan ang damdamin ay pinapahalagahan ngunit may kamalayan sa hangganan ng oras at personal na kapasidad. Halimbawa, sinasabi ni Joy: “Sayang lang ang love kung aalis ka rin pagkatapos ng kontrata” at “Mahal na mahal kita pero may kulang sa sarili ko na hindi kayang mapunan kahit ng pagmamahal mo”, na nagpapakita ng balanseng pagtingin sa emosyon at praktikal na realidad. Sa kabuuan, ang mga dayalogo sa Talahanayan 10 ay hindi lamang nagsasalamin ng personal na damdamin at desisyon ng mga tauhan kundi naglalarawan din ng mas malawak na kultural na pagpapahalaga sa pagmamahal, sakripisyo, katapatan, at pagpapaunlad ng relasyon sa konteksto ng makabagong Pilipinong lipunan.

4.2 Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita kung paano naipapahayag ng mga pangunahing tauhan sa Hello, Love, Again ang kanilang kakayahang magsuri, magmuni-muni, at magdesisyon sa konteksto ng relasyon, na naglalarawan ng mas malalim na dimensyon ng kritikal na pag-iisip. Sa tema ng pagsusuri sa sarili at emosyonal na kontrol, makikita sa pahayag ni Ethan, “I’m really really sorry… pinapangako ko hindi na kita lalapitan”, at ni Joy, “Bawal personalan, bawal maapektuhan”, ang kakayahan ng mga tauhan na tukuyin ang emosyonal na hangganan at kontrolin ang damdamin upang maiwasan ang komplikasyon at mapanatili ang balanseng relasyon. Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita rin ng introspeksyon at kamalayan sa epekto ng sariling kilos sa kapwa.

Sa tema ng kritikal na pagsusuri sa desisyon at motibo, ipinapakita ng mga tanong at pahayag nina Joy at Ethan, tulad ng “Kaya mo ba ko gustong pakasalan para ibalik ako sa Hong Kong?” at “Hindi naman tayo totoo, ’di ba?”, ang kakayahang tukuyin ang tunay na layunin sa likod ng mga aksyon at ang pangangailangang maunawaan ang intensyon bago gumawa ng mahahalagang desisyon. Kasabay nito, sa pagbabalik-tanaw at pagsusuri sa pangako, ang linyang “Sabi mo noon babalik ka, nangako ka ’di ba?” ay nagpapakita ng paggamit ng nakaraan bilang batayan sa paggawa ng kasalukuyang desisyon.

Ang tema ng pagmumuni-muni at pagdedesisyon sa hinaharap ay malinaw na nakikita sa paulit-ulit na tanong ni Joy: “Kaya ko bang pangmatagalan, Ethan?”, na nagpapakita ng malalim na pag-iisip sa kakayahang panindigan ang pangmatagalang responsibilidad sa relasyon. Sa parehong konteksto, ipinapakita rin ng mga pahayag nina Ethan ang paggalang sa autonomiya at personal na desisyon, tulad ng “Sana mahanap mo ’yong mga sagot sa tanong mo na ikaw lang ang makakasagot”, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng indibidwal na kritikal na pag-iisip sa pagpili ng aksyon. Ang mga tanong at pagninilay sa pagdududa at paghahanap ng katotohanan sa relasyon at pagkilala sa kabuluhan ng karanasan, tulad ng pahayag ni Ethan: “Sapat na sa akin na sa lawak ng mundo nagtagpo ulit tayo”, ay nagpapakita ng integrasyon ng karanasan, emosyon, at kritikal na pagsusuri sa pag-unawa sa relasyon at buhay.

4.3 Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita kung paano inilahad ng Hello, Love, Again ang masalimuot na karanasan ng mga Pilipinong migranteng manggagawa sa konteksto

ng mga isyung panlipunan. Sa tema ng pang-aabuso at diskriminasyon sa manggagawang migrante, ipinapakita ng mga dayalogo nina Joy at Ethan, tulad ng: “Niloko ko ng amo ko Ethan, ’yong kinakaltas niya sa sahod ko para sa tax hindi niya pala ibinabayad”, ang sistematikong pang-aabuso na nagdudulot ng kawalan ng dignidad at proteksiyon sa lugar ng trabaho. Kasabay nito, sa tema ng kahirapan at kakulangan ng oportunidad sa sariling bansa, ipinapakita ni Ethan ang limitadong pagkakataon sa lokal na lipunan, na nagtutulak sa migrasyon bilang paraan ng pag-angat sa buhay: “Baka kasi noon meron ako, ngayon walang-wala na, kagaya ng iba Canada na lang ang pag-asa ko.”

Ang epekto ng migrasyon sa ugnayang pamilya ay malinaw na nakikita sa pahayag ni Ethan: “Si papa wala na… hindi ako umabot”, na naglalarawan ng emosyonal at sikolohikal na distansya na dulot ng pisikal na paglayo mula sa pamilya. Kasabay nito, ipinapakita rin ng pelikula ang instrumentalisasyon ng relasyong personal sa proseso ng migrasyon, tulad ng pahayag ni Joy: “Kailangan ayusin natin ang game plan para sa visa mo… kailangan maniwala ’yong IRCC na tayo talaga”, na nagpapakita ng moral at emosyonal na komplikasyon sa paggamit ng relasyon bilang estratehiya sa legal na proseso. Sa huli, ang mga dayalogo nina Ethan at Joy sa tema ng pananagutan, sakripisyo, at personal na pagpapasya, tulad ng: “Hindi ko na pwedeng iwan ’yong mga responsibilidad ko para habulin ’yong ibang tao”, ay naglalarawan ng tensyon sa pagitan ng personal na damdamin, pangarap, at panlipunang obligasyon, na sumasalamin sa kulturang Pilipino sa pagpapahalaga sa responsibilidad, sakripisyo, at moral na desisyon sa gitna ng migrasyon.

## Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito,Ipinapakita ng pagsusuri sa Hello, Love, Goodbye at Hello, Love, Again na malinaw na naipapahayag nina Joy at Ethan ang kanilang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay, tulad ng pagmamahal, sakripisyo, at responsibilidad sa pamilya, na nagbubukas ng introspeksyon at kritikal na pag-iisip sa kanilang relasyon at personal na desisyon. Lumilitaw din ang mahahalagang kultural na pagpapahalaga ng mga Pilipino tulad ng katapatan, commitment, at paniniwala sa pag-asa kasabay ng mga isyung panlipunan gaya ng diskriminasyon, kawalan ng oportunidad, at emosyonal na epekto ng migrasyon. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga dayalogo kung paano nagiging daluyan ang komunikasyon sa pag-unawa sa relasyon, personal na desisyon, at buhay ng modernong Pilipino sa konteksto ng emosyon, panlipunang obligasyon, at kultural na realidad.

## Rekomendasyon

Batay sa konklusyon, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Iminumungkahi na gamitin ang mga piling dayalogo mula sa Hello, Love, Goodbye at Hello, Love, Again sa pagtuturo ng komunikasyon upang maipakita kung paano malinaw na naipapahayag ang damdamin, layunin, at karanasan sa buhay, tulad ng pagmamahal, sakripisyo, at responsibilidad sa pamilya.

2. Hikayatin ang pagsusuri ng mga eksena sa pelikula upang mapalalim ang pag-unawa sa kultural na pagpapahalaga ng Pilipino tulad ng katapatan, commitment, at paniniwala sa pag-asa kasabay ng pagsusuri sa mga isyung panlipunan gaya ng diskriminasyon, kakulangan ng oportunidad, at emosyonal na epekto ng migrasyon.
3. Hikayatin ang karagdagang pananaliksik sa pedagogical na paggamit ng pelikula upang mas mapalawak ang pag-unawa sa interplay ng emosyon, panlipunang obligasyon, at kultural na realidad sa konteksto ng modernong Pilipinong lipunan.
4. Iminumungkahi ang paggamit ng mga pelikula bilang bahagi ng kurikulum o learning modules sa asignaturang Filipino, komunikasyon, o edukasyon sa kultura, upang mahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa kritikal na pagsusuri, empatiya, at praktikal na aplikasyon ng emosyonal at sosyal na kaalaman sa totoong buhay.

## Pagsunod sa mga Etikal na Pamantayan

Mahigpit na sinunod ng mananaliksik ang lahat ng pamantayang etikal sa pananaliksik. Dahil ang datos ay nagmula sa mga pelikula at walang direktang respondente, tiniyak na walang personal na impormasyon ang ginamit at narespeto ang privacy. Isinagawa ang sistematikong transkripsyon at pagsusuri ng mga dayalogo, kasabay ng wastong pagkilala sa mga may-akda at pinagmulan upang maiwasan ang plagyarismo. Ang pagsusuri ay para sa purong layuning akademiko, nang walang pagbabago o maling interpretasyon sa orihinal na kahulugan ng mga pahayag, at isinagawa nang walang pagkiling o conflict of interest. Ang sensitibong nilalaman ay maingat ding isinasaalang-alang upang maiwasan ang maling interpretasyon o hindi angkop na pag-uugnay sa anumang ideolohiya, relihiyon, o paniniwala. Kung ginamit ang anumang AI tool, ito ay idineklara para sa kalinawan at ganap na pagsisiwalat. Sa kabuuan, ang pananaliksik ay isinagawa nang may mataas na integridad at paggalang sa mga lumikha ng pelikula.

## Pagkilala

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa lahat ng naglaan ng kanilang oras, kaalaman, at suporta upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Una, pasasalamat ang iniaalay sa **Poong Maykapal** sa paggabay, lakas ng loob, inspirasyon, at karunungan sa buong paglalakbay ng pananaliksik. Taos-puso ring pinasasalamatan si **Prof. Fe N. Conui, MA,** bilang tagapayo, sa matiyagang paggabay, mahahalagang puna, at pagbabahagi ng kaalaman na nakatulong sa pagkakabuo ng makabuluhang pag-aaral.

Lubos ding pinasasalamatan ang mga miyembro ng Lupon ng Tagasuri, sina **Dr. Ethel S. Doria, Dr. Maricel F. Deloso, Fr. Ruel F. Lero, SVD, at Dr. Jean J. Roy,** pati na rin ang mga ekspertong tagasuri na sina **Gng. Rufa Roxanne T. Bugash, MatFil, Gng. Almira C. Lapay, MatFil, at Gng. Corazon A. Dungog, MatFil,** sa kanilang mahahalagang mungkahi, gabay, at pagbabahagi ng kaalaman na nagpahusay sa katumpakan at kawastuhan ng nabuong modelo para sa pagtuturo.

Sa kaniyang **asawa't mga anak, mga magulang** para sa walang sawang pagmamahal at sa tulong pinansyal. At sa kaniyang mga **kapatid, kamag-anak at**

**kaibigan,** para sa moral at ispiritwal na suporta upang maging matatag ang mga mananaliksik at makayanang tapusin ang pananaliksik na ito.

## REFERENCES

Apriyani, A. A. I., & Wiraharja, I. P. G. S. (2023). The analysis of flouting of maxim in Kong: Skull Island movie. Kulturistik: Jurnal Ilmu Bahasa dan Budaya, 7(1), 24–29. https://doi.org/10.22225/kulturistik.7.1.6117

Asri, Rahman. 2020. Membaca Film Sebagai Sebuah Teks: Analisis Isi Film "Nanti Kita Cerita Tentang Hari Ini (Nkcthi)". Jurnal Al Azhar Indonesia Seri Ilmu Sosial, Vol. 1, No.2, Agustus 2020.

Capul, C. N. C., Ciruela, D. M. A., Clarito, A. A., Cubelo, S. K., Elic, A. A. P., & Manguerra, M. C. (2023). Behind the lens: A deconstruction of the role of Filipino films in shaping Philippine culture.DOI: 10.70838/pemj.460607

Derin, S., & Yıldız, E. Ç. (2018). An Adlerian Analysis of" The Kid" Movie. Education & Science/Egitim ve Bilim, 42(193).

Freytag, G. (1900). Freytag's Technique of the Drama: An Exposition of Dramatic Composition and Art, trans. Elias J. MacEwan. Chicago: Scott, Foresman and Co. https://tinyurl.com/49wkj7ej

Gaihe, M. A., Catipay, T. M., Largo, R., Alvarado, E., & Bacalla, L. (2025). Awareness of Mental Journey in Filipino Film. Eximia, 14(1), 183–193. https://doi.org/10.47577/eximia.v14i1.544

Hamad et al. (2015). Impact of Visual Aids in Enhancing the Learning Process Case Research: District Dera Ghazi Khan.Journal of Education and Practice. Vol.6, No.19, 2015 https://www.academia.edu/86708020/Impact_of_Visual_Aids_in_Enhancing_the_Learning_Process_Case_Research_District_Dera_Ghazi_Khan

Imel, S. (2000). Contextual Learning in Adult Education. Clearinghouse on Adult, Career, and Vocational Education. College of Education. The Ohio State University.

Liando, N. V., Sahetapi, R. J., & Maru, M. G. (2018). English major students' perceptions towards watching English movies in listening and speaking skills development.

Pavithra K and Gandhimathi SNS (2024) A systematic review of empirical studies incorporating English movies as pedagogic aids in English language classroom. Front. Educ. 9:1383977. doi: 10.3389/feduc.2024.1383977

Portillo, G. (2022). Filipino film analysis: Social issues and literary theories toward a proposed model.DOI: 10.5861/ijrse.2022.827

Rajpopat, V. (2023). Use of film as a teaching resource: A literature review. International Journal of Emerging Knowledge Studies, 2(9), 225–233. https://ijeks.com/wp-content/uploads/2023/10/IJEKS2-9-004.pdf

Vanessa, H. J., & Arie, S. N. K. (2019). Using short films for teaching English while building characters. Lingua Scientia, 26(1), 33-37.

**APA Citation:**

Oñez, C. F. B., & Conui, F. N. (2026). ISANG KRITIKAL NA PAGSUSURI SA MGA PALITANG-KURO NG MGA PANGUNAHING TAUHAN SA MGA PILING PELIKULANG PILIPINO. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(4), 272–297. https://doi.org/10.5281/zenodo.19506039

Corresponding author: *adonesonez52@gmail.com*